

Mga Minamahal naming Magulang at Taga-pangalaga:

Ang liham na ito ay nagbibigay-alam sa inyo na maaaring nalantad ang inyong anak sa ubong-dalahit (whooping cough) sa aming pasilidad.

Ang Ubong-dalahit, kilala rin bilang pertussis, ay isang nakakahawang impeksyong bakteryal na maaaring lumaganap sa pamamagitan ng malapitang pakikipag-ugnayan sa mga taong may ganitong uri ng sakit sa ubo. Maaaring lumantad ang mga simtoma pagkaraan ng 5 hanggang 21 araw pagkatapos na magka-impeksyon. Kadalasan ay nagsisimula ito bilang isang pangkaraniwang ubo (hal. pagbahin, pagsisipon, atbp.) at sinusundan ng ubo na lumulubha pagkaraan ng isa o dalawang linggo. Ang mga taong may ubong-dalahit ay maaaring magkaroon ng panahon ng palagiang-pag-ubo kung kailan na nahihirapan silang huminga sa gitna ng kanilang pag-ubo. Ang iba ay malakas na humihingal (“whoop”) at sumusuka o parang nabubulunan. Ang mga sanggol na may ubong-dalahit ay maaaring hindi umuubo ngunit maaaring nahihirapang huminga at nabubulunan, humihingal, namumula o nangangasul, o nagsusuka. Kadalasan ay hindi ka lalagnatin sa ubong-dalahit.

Ang mga bakunang pang Ubong-dalahit (DTaP) ay rekomendado para sa edad 2, 4, 6, at 15-18 buwan na mga bata. Ang isang booster dose ng DTap ay maaari ring ibigay bago pumasok sa kindergarten sa mga edad 4-6 taong gulang; ang isang Tdap booster ay rekomendado sa middle school sa edad 11-12 taong gulang. Sa pangkalahatan, ang mga bakunang pang ubong-dalahit ay napaka-epektibo sa pag-pigil sa sakit o pagpapababa ng tindi nito pagkatapos maturukan ng vaccine series o booster dose. Gayunpaman, ang kaligtasan sa sakit mula sa pagbakuna ay mabilis na humihina sa pagdaan ng panahon, kung kayat kahit na ang mga bata na lubos na binakunahan ay maaari muling mahawa sa ubong-dalahit. Bilang dagdag, ang mga maliliit na batang hindi pa nakatapos sa kanilang DTap vaccination series o nakakuha ng kanilang unang bakuna ay nanganganib na magkaroon ng siryosong kumplikasyon sa ubong-dalahit. Inuudyok namin kayong pag-aralan ang immunization record ng inyong anak upang masiguro na natanggap nya ang lahat ng DTap doses na rekomendado sa kanyang edad.

Ang isang booster dose ng bakuna (Tdap) ay rekomendado rin para sa mga may hustong gulang, lalo na ang mga nagdadalang-tao (sa bawat pagbubuntis) at mga taga-pangalaga ng mga sanggol. Kung hindi ka pa nabakunahan ng Tdap, rekomendado na magpa-bakuna ka. Ang Tdap na bakuna ay matatagpuan sa mga tanggapan ng duktur, mga butika at mga lokal na kagawaran ng pangkalusugan at kadalasan ay binabayaran ng mga insurance plan.

Kung dumaranas ng mga simtomang gaya ng sa sipon ang inyong anak at umuubo, makipag-ugnayan sa inyong duktur. Sabihin sa inyong duktur na may isang kompirmadong kaso ng ubong-dalahit na naipa-alam na sa daycare ng inyong anak. **Kung nagpatingin na ang inyong anak sa duktur at natagpuan na mayroon syang ubong-dalahit, ipanatili ang inyong anak sa tahanan hanggang sa matapos nya ang 5 araw ng nirisetang-antibayotik na paggagamot.**

Ang pinaka-tamang pagsusuri sa pagkilala ng sakit na ubong-dalahit ay ang pag-kolekta ng swab sa ilong.

Ang mga Antibayotik ay nakakatulong sa pagpigil sa paglaganap ng ubong-dalahit at rekomendado sa mga may sakit nito. Ang mga may-kaugnayan na siyang may mataas ang panganib na magkaroon ng ubong-dalahit o mga makakahawa sa mga may mataas na panganib ay nangangailangan ring mabakunahan ng antibayotik upang mapigilan ang ubong-dalahit. Kasama sa mga ito ang mga sanggol na mas bata sa isang taong gulang, ang mga buntis na nasa kanilang pangatlong trimester at mga taong nagtatrabaho na may kaugnayan sa mga sanggol at nagdadalang-tao.

Ang mga sanggol, mas bata sa isang taong gulang at lalong-lalo na ang mga kulang sa anim na buwan, ay higit na mapanganib na magkasakit at magkaroon ng ubong-dalahit. Kailangang maibukod ang mga sanggol sa may mga ubo hanggat maaari. Ang mga sanggol na nahihirapang huminga o may sakit sa ubo ay kinakailangang ipatingin kaagad sa duktore.

Ipagpapatuloy ng lokal na kagawaran ng kalusugan ang sitwasyon. Kung kayo o ang inyong duktore ay may mga katanungan, pakigamit ang impormasyon sa pagkontak sa ibaba.

Taos-pusong sumasa-inyo,